**INTERNATIONAL NAPASA (April 1, 2025)**

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG FEBRERO SA LOOB NG SIYUDAD

**2月に市内で発生した盗難事件の情報**

Noong buwan ng Pebrero ay nagkaroon ng kabuuang 16 na kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Amanuma at Tamura na may 2 na kaso. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 12 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng Yokouchi na may 2 kaso. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA STARGAZING EVENT

「星を見る会」のお知らせ

Sa April 18 (Friday), ay magkakaroon ng “***PAGTITIPON PARA SA PAGMAMASID NG MGA BITUIN”*** sa Museum ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 7:30 haggang 9:00 ng gabi. Makikita sa telescope ang planetang Mars at Jupiter mula sa panahon ng taglamig hanggang tagsibol. Kung sakaling umulan ito ay hindi matutuloy. Makakalahok ang may 80 katao. Para sa mga nais lumahok ay mag-apply sa pamamagitan ng pagpapadala ng Returned Post Card sa hanggang April 4 at sa e-kanagawa ay hanggang April 6.

## 3)SEMINAR PARA SA PAGGAWA NG ABONO MULA SA BASURA

生ゴミから堆肥を作る講習会のお知らせ

Sa April 9 (Wednesday) ay magkakaroon ng “***SIMINAR SA PAGGAWA NG ABONO MULA SA NABUBULOK NA BASURA”*** dito sa Hiratsuka City. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 3:00 ng hapon. Ang lugar ay sa Hall ng 1$^{st}$ floor ng Hiratsuka City Office

**ANG MGA PAG-AARALAN AY ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Paraan ng paggawa ng abono sa pamamagitan ng pagbabalik sa lupa ng mga basura mula kusina.
2. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang Composting Bin.
3. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang planter
4. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang Styrofoam.

Dito ay hindi na kinakailangan pang magpareserba, dumerekta na lamang sa 1$^{st}$ floor ng city Office. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***ENVIRONMENTAL POLICY DIVISION.***Telephone No. **0463-21-9603 (0463-21-9603).**

## 4)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa April 6 (Sunday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***NAGOYA GRAMPUS*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**